Leveled Reader

in Filipino

LEVEL 2


# Si Makisig, ang Traysikel ni Tomas




Isinulat ni Tejal Lad

Iginuhit ni Ropate Kama

Sinuri ni Lilibeth O. Quiore



Nakatanggap si Tomas ng bagong de-bateryang traysikel bilang regalo para sa kaniyang kaarawan. Pinangalanan niya itong si “Makisig.” Nasasabik na siyang mailabas ito para kaniyang magamit sa pamamasyal.




“Napakakisig ng traysikel na iyan,” sabi ng kapitbahay niyang si Mang Poli.

“Totoo po! Ako at si Makisig ay umaakyat-baba sa mga burol,” pagmamalaki ni Tomas.




“Napakakisig tingnan ng traysikel mo,” sabi ng kaibigan niyang si Mira.

“Totoo ito! Kasa-kasama ko si Makisig kapag pumupunta ako sa aking klase sa paggigitara,” sagot ni Tomas.



“Napakakisig tingnan ng iyong traysikel,” sabi ng pulis.

“Totoo po! Dinarayo namin ni Makisig nang pabalik-balik ang mga tubuhan,” pagmamalaki ni Tomas.




Maraming nangyari sa mahabang araw na ito. Pauwi na sana si Tomas ng kanilang tahanan nang biglang... *Blag!*

Naku! Nalubog sa putikan ang isang gulong ni Makisig.




Patuloy na sinusubukang makaalis ni Tomas sa lubak. Paulit-ulit niyang ikinakambiyo ang kaniyang traysikel. Ngunit hindi makaahon mula sa putik si Makisig.



Dumidilim na ang paligid. Nagsisimula nang mataranta si Tomas. Iniisip niya kung paano kaya siya kung sakaling dito siya malipasan ng gabi.




Tama namang napadaan si Fidel.
Nakita niya ang pangyayari
ngunit hindi siya makapagsalita
upang makahingi ng tulong.



*Grrrr!*

Ubos-lakas na hinila ni Fidel pabalik si Makisig, ngunit hindi pa rin ito makaahon.



*Grrrr!*


Ubos-lakas na hinila ni Fidel pabalik si Makisig, ngunit hindi pa rin ito makaahon.




“Aaaaaarg!” ungol ni Tomas.
Pilit na itinulak paabante ni Fidel si Makisig, ngunit hindi pa rin ito makaalis sa lubak.




Sumenyas si Tomas na huminto muna si Fidel.



Itinuro ni Tomas ang kambiyo. Gusto niyang itulak ni Fidel si Makisig habang itinutulak naman nito ang kambiyo paabante.




Isa, dalawa, tatlo, tulak!
Pareho silang nagtulak paabante.
*Plak, plak plak*. Kumaskas ang gulong at nagtalsikan ang putik.
Pero hindi pa rin makaahon si Makisig.
Aaaa! Hindi pa rin sila makaalis sa putik.



Mas nilakasan pa nila ang pagtulak. Isa, dalawa, tatlo, tulak! *Whoosh!*

Nakaahon kaya si Makisig mula sa lubak?



Yehey!
Nakaahon na rin sa wakas sina Tomas at Makisig. Labis ang pasasalamat ni Tomas kay Fidel.

Pagkatapos, sabay na silang umuwi ng baryo.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation